Makialam. Makibahagi. Mabilang.

# Ang Iyong Maikling Gabay para sa Senso 2020

## Bakit ko kailangang lumahok sa senso?

Kapag kinumpleto mo ang senso, hindi ka lamang naninindigan para sa iyong sarili, ngunit pati na rin sa iyong komunidad.

- Higit sa $115 bilyon ang nagagastos kada taon sa California para sa mga paaralan, pangangalagang pangkalusugan, pabahay, transportasyon, at iba pang mahalagang mga programa na tinitiyak ng datos ng census.
- Kung hindi tama ang bilang ng California, maaari tayong mawalan ng isang puwesto sa Kongreso.
- Kung hindi mo kukumpletuhin ang senso, hindi makikita ang iyong identidad at komunidad ng mga taong may kapangyarihang gumawa ng mahahalagang desisyong makakaapekto sa iyong buhay.



## Paano ko makukumpleto ang senso?

- Ang mga Census Action Kiosk (Puwesto sa Pagkilos para sa Senso, CAK) ay matatagpuan sa buong Lungsod at sa inyong komunidad
- Sa iyong may internet na computer, smartphone, o tablet
- Tumawag sa isa sa mga hotline ng Senso 2020 ng Kawanihan ng Senso ng U.S. upang humiling o kumumpleto ng isang palatanungan
- Tingnan ang iyong mailbox kung may palatanungan mula sa Kawanihan ng Senso ng U.S.

## Kailan mangyayari ang senso?

- Marso: Ipinapadala sa pamamagitan ng sulat ang mga imbitasyon sa mga sambahayan upang tumugon sa bagong senso online. Ipinapadala ang mga sulat ng pagpapaalala sa dulo ng buwan.
- Abril: Matatanggap ng mga sambahayan na hindi sumagot online ang mga postcard ng pagpapaalala. Maaari kang makatanggap ng sulat ng pagpapaalala at nakasulat na palatanungan kung hindi ka tumugon sa pang-apat na pagpapaalala.
- Mayo: Bibisitahin ng mga tagakuha ng senso ang mga sambahayan na hindi pa nakakatugon.

Magbibigay ang Lungsod ng Los Angeles ng (mga) makatuwirang tulong upang matiyak ang pantay na access sa mga programa, serbisyo, at pasilidad para sa mga taong may kapansanan. Upang magpasa ng kahilingan, maki-pag-ugnayan sa Department on Disability (Kagawaran ng Kapansanan) sa DOD.Contact@lacity.org o (213) 202-5668, lima o higit pang araw ng trabaho nang mas maaga.

**census.lacity.org**

**#2020Census**